# INTERNATIONAL NAPASA    ( October 15, 2024 )

## 1)PAGPAPAALAM UKOL SA SHONAN HIRATSUKA FUREAI MARKET

湘南平塚ふれあいマーケットのお知らせ

Sa October 27 (Sunday) ay magkakaroon ng ***SHONAN HIRATSUKA FUREAI MARKET*** sa palengke ng bagsakan ng mga paninda sa 1-7 Shinomiya, Hiratsuka City. Ang oras ay magsisimula ng 7:00 ng umaga hanggang alas 8:00 ng umaga. Makabibili ng mga lokal na napapanahong mga gulay, sariwang isda, at iba pa. Ito ay matutuloy pa rin sa petsang itinakda kahit na umulan. Kung may gusto pang malaman ukol sa bagay na ito ay maaring tumawag sa ***INDUSTRIAL PROMOTION DIVISION (SANGYO SHINKO KA)*** ng Hiratsuka City. Telephone No. **0463-21-9758 (0463-21-9758)** o maaaring tumawag sa umaga ng araw ng pagdiriwang. Telephone No. **090-3215-0106 (090-3215-0106).**

## 2)SCHEDULE NG LABAN NG SHONAN BELLMARE SA LEMON GAS STADIUM

湘南ベルマーレのレモンガススタジアムでの試合予定のお知らせ

Sa October 19 (Saturday) ay may schedule ng laro ang ***SHONAN BELLMARE*** laban sa ***SANFRECCE HIROSHIMA.*** Ang oras ng umpisa ng laban ay mula 3:00 ng hapon. Ang ticket na hindi nakareserba ang upuan kung binili ng maaga ay nagkakahalaga ng **¥ 2500** para sa matatanda at **¥ 900** naman sa mga mag-aaral ng nasa elementarya, Junior High School at High School. Kung bibilhin sa takdang araw ng laban ay may karagdagang **¥ 500.**

## 3)IMPORMASYON UKOL SA DIREKTANG PAGBILI NG MGA ISDA

魚 直売 会のお知らせ

Sa October 26 (Saturday) mula 10:00 ng umaga ay magkakaroon ng derektang pagbili ng mga lokal na isda sa daungan ng Hiratsuka City. Magbebenta ng mga daing at sariwang isda at ito ay matatapos hanggang maubos ang mga paninda. Para sa mga katanungan ukol sa bagay na ito ay tumawag lamang sa ***FISHIRIES COOPERATIVE ASSOCIATION (GYOGYO KYODO KUMIAI)*** ng Hiratsuka City. **Telephone Number 0463-21-0146 ( 0463-21-0146 ).**

## 4)INPORMASYON UKOL SA CONCERT SA YAWATA Y AMA NO YOUKAN

八幡山の洋館でのコンサートのお知らせ

Sa October 16 (Wednesday) ay magkakaroon ng free ***CONCERT*** sa ***HACHIMANYAMA NO YOUKAN***. Mula 11:00 hanggang 12:00 ng tanghali ay magkakaroon ng Guitar Music Concert na may title na ***"Aki no guitar no shirabe"*** at mula 2:00 hanggang 4:00 ng hapon ay ang Piano Concert na may pamagat na ***"Sawayaka na gogo no hitotoki".*** Para sa detalyadong programa at mga performer ay makikita sa **Home Page** ng Hiratsuka City. Makakapasok

ang hanggang 60 taong naunang dumating. Para sa mga mga katanungan ay maaaring makipag-ugnayan sa Telephone No. **0463-35-7114 (0463-35-7114).**

## 5)PAGHAHANAP NG MGA BATANG PAPASOK SA NURSERY SCHOOL

保育園の入園児の募集のお知らせ

Mula October 3 hanggang sa isang taon ng April, ang Hiratsuka City ay naghahanap ng mga batang papasok sa ***NURSERY SCHOOL*** sa isang taon ng April. Mag-apply hangga't maaga sa ***Home Page*** ng siyudad o kumuha ng aplikasyon sa ***CHILD CARE DIVIDION*** sa 1st Floor ng Hiratsuka City Office at isumite sa nasabing tanggapan. Ang panahon ng pag-aapply ay mula October 10 hanggang November 8. Para sa iba pang inpormasyon ay makipag-alam sa ***CHILD CARE DIVISION***. **Telephone Number 0463-21-9612 (0463-21-9612).**